

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Marso 16, 2021

Kontak: Kate Kuykendall, Opisyal ng Kagawaran ng Publiko, Long Beach Airport, 562.570.2679, [kate.kuykendall@longbeach.gov](mailto:kate.kuykendall@longbeach.gov)

Para Sa Agarang Pahayag

## **Meron ng Abeylabol na \$20 COVID-19 Testing sa mga Pasahero sa Long Beach Airport Ngayon**

Long Beach, CA –Kamakailan lamang ang Long Beach Airport (LGB) ay nagpakilala ng isang bagong kasosyo, ang City Health Urgent Care, upang mag-alok ng drive-through na mga pagpapa-test para sa Covid-19 sa mababang halagang \$20 dolyar lamang at eksklusibo sa mga nagbibiyaha at empleyado ng LGB. .

Nagdagdag ang LGB ng pang araw-araw na tatlong nonstop flights sa Hawaii noong nakaraang linggo, isa sa Maui kasama ang Hawaiian Airlines (kinumpleto ang mayroon nang serbisyo sa Honolulu) at bawat isa sa Honolulu at Maui sa Southwest Airlines. Ang Estado ng Hawaii ay kasalukuyang may [exempts](#) sa mga bisita at nagbabalik ng mga residente mula sa quarantine kung nakakakuha sila ng isang negatibong resulta ng pre-travel Covid-19 mula sa isang naaprubahang kasosyo sa pagsusuri ng hindi hihigit sa 72 oras bago ang kanilang naka-iskedyul na oras ng pag-alis.

Ang CityHealth, kasama sa pakikipagtulungan ng Southwest Airlines, ay sumali sa Worksite Labs, na nagbigay ng pagsusuri para sa mga Hawaiian Airlines Passenger sa LGB mula Enero, ang parehong mga tagapagtustos ay naaprubahan na kasosyo sa pagsusuri.

“Sapilitan man o kusang loob, ang pagsusuri para sa Covid-19 ay isang mahalagang kasangkapan para sa malusog at ligtas na paglalakbay sa ere.” sinabi ni Airport Direktor Cynthis Guidry. “Masaya kaming nagbibigay ng dalawang mga tagapagtustos ng pagsusuri na abot-kayang halaga at na-akses para sa aming mga manlalakbay.”

Nag-aalok ang CityHealth ng mga garantisadong resulta ng pagsubok sa loob ng 72 oras, na may \$20 na bayad sa pangangasiwa. Hinihimok ng LGB ang mga biyahero na papuntang Hawaii na magpasuri mga dalawa hanggang tatlong araw bago ang pag-alis.

Ang CityHealth ay nalulugod na nakikipagtulungan sa Southwest Airlines at sa koponan sa Long Beach Airport upang magbigay ng mabilis at ma-akses ang pagsusuri sa mga maglalakbay ng LGB, empleyado, at mga pasahero na papatungong Hawaii,” sinabi ni Sean, CEO ng CityHealth. “Ang pagsusuri ay isang mahalagang kasangkapan na makakatulong sa paghinto ng pagkalat ng Covid-19, at masaya kaming suportahan ang industriya ng paglalakbay at turismo.”

Ang parehong mga lokasyon ng pagsusuri ay matatagpuan malapit sa pangunahing pasukan ng Airport sa 4100 Donald Douglas Drive, sa tapat ng paradahan para sa cell phone area. Ang CityHealth, na magagamit ng kahit sinumang pasaherong may tiket sa paglipad sa LGB, ay bukas araw-araw mula alas 8:30 ng umaga hanggang alas 4:30 ng hapon [by appointment only](#). Ang mga laboratoryo sa website ay eksklusibo para sa mga pasahero ng Hawaiian Airlines, ay bukas araw-araw mula ala 6:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon, [by appointment only](#). Nagdaragdag ito ng mga pagsisikap mula sa Lungsod ng Long Beach, patuloy na magbibigay ang [provide COVID-19 tests](#) na walang bayad.

Ang LGB ay nagsimula ng isang bilang ng mga hakbang upang mapahusay ang kaligtasan ng mga pasahero kabilang ang pisikal na distansya, mga bagong protokol sa pag-disimpekta, at pangangailangan ng takip sa mukha. Ang [Read more](#) ay tungkol sa mga hakbang na ito at suriin ang [video](#) nang kung papaano ang paglipad sa pamamagitan ng LGB na merong kasalukuyang pag-iingat.

Nakatayo malapit sa hangganan ng mga lalawigan ng Los Angeles at sa Orange, ang LGB ay matatagpuan malapit sa maraming pangunahing mga atraksyon sa Dakong Timog ng California.

### **Tungkol sa City of Long Beach**

Tahanan ng humigit-kumulang na 480,000 katao, nagwagi ng maraming mga premyo ay ang makabagong Lungsod ng Long Beach na nag-aalok ng lahat ng mga amenities na katulad ng isang malaking lungsod habang pinapanatili ang isang malakas na may

katuturan ng indibidwal at magkakaibang kaptibahayan na nagtatampok ng magkasama sa baybayin ng California. Bilang isang may serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, mga distrito ng mga lubhang mataas na estado na mga paaralan, Long beach Airport, at ang Port of Long Beach. Ang Lungsod ay mayroon ding respetadong mga unibersidad at kolehiyo, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf courses, 171 daang parke, milya milyang dalampasigan, marinas, at mga daanan ng bisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bisitahin ang, <http://longbeach.gov/>. Sundan kami sa social media para sa mga bagong balita: [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

### **Tungkol sa Long Beach Airport**

Itinatag noong 1923, ang Long Beach Airport (LGB) ay ang pinakalumang paliparan sa California. Kabilang sa maraming mga kamangha-manghang mga premyo, ang LGB ay tinanghal na isang Nangungunang 10 Paliparan sa California sa 2020 USA Today sa 10 Piniling paligsahan sa parangal na paglalakbay para sa Pinakamagagaling na Maliliit na Paliparan. Nag-aalok ang LGB ng non-stop na serbisyo sa 16 na mga Lungsod sa U.S. habang sinusuportahan ang isang malusog na komunidad ng abyasyon na may higit sa 300,000 daang libong taunang mga operasyon. Ang paliparan ay mapagkukunan din ng malaking aktibidad na pang ekonomiya at trabaho kasama ang LGB Aviation Complex na bumubuo ng \$8.6 bilyong dolyar sa pang-ekonomiyang epekto at pagsuporta sa 46,000 na libong mga trabaho. Ang LGB ay isang sumusuporta sa sarili na negosyo ng Lungsod ng Long Beach at hindi tumatanggap ng mga lokal na dolyar sa buwis. Ipinagmamalaki ng paliparan ang sarili nitong pinangangalagaang itinuturing na makasaysayang legado at Pinapanatili ang operasyon na may isang ligtas at responsableng kapaligiran. Sundan kami sa Facebook, Instagram and Twitter @LGBAirport.

###